GOVERNMENT OF WESTERN AUSTRALIA
Department of Primary Industries and Regional Development

Protect
Grow
Innovate

# Abalone

## Gabay sa libangang pangingisda 2025/26



**Kinakailangan ang lisensya upang makapangisda ng abalone**

## Pakitandaan:

Ang pangingisda ng Roe abalone ay nakabukas para sa Western Zone magmula sa Bunganga ng Greenough River hanggang Busselton Jetty para sa open season.

Magsisimula ang open season ng Western Zone sa Disyembre at ang pangingisda ay tuwing Sabado sa pagitan ng ika-7 ng umaga at ika-8 ng umaga sa:

– Ika-13 ng Disyembre 2025
– Ika-10 ng Enero 2026
– Ika-7 ng Pebrero 2026
– ika-21ng Pebrero 2026

Inilathala noong Nobyembre 2025

# Mga Nilalaman

**Isda para sa hinaharap ........................................1**

**Mga panuntunan sa libangang pangingisda ......3**

Mga lisensya........................................................3

Huwag mangisda para sa ibang tao......................3

Mga panahon at lokasyon ....................................3

Mga Sona ng panlibangang abalone sa Western Australia..................................................7

Western Zone (Zone 1) .......................................8

Southern Zone (Zone 3) .....................................9

Limitasyon ng bag (maximum) ............................10

Pagmamay-ari ng abalone ..................................10

Limitasyon ng Pagmamay-ari ..............................11

Limitasyon ng bangka.........................................11

Minimum na laki..................................................12

Pagsusukat .........................................................12

Pagkuha ng abalone mula sa bahura .................14

Shucking .............................................................14

Pagbabawal (ban) sa pain...................................15

Mga parusa sa ilegal na pangingisda..................15

Pagsusumbong ng bawal na panghuhuli ............15

**Mga lugar ng konserbasyon ng dagat ...............16**

Marmion at Shoalwater Islands Marine Parks..... 16

Watermans Reef Observation Area – Bawal ang pangingisda ......................................17

Rottnest Island....................................................17

Cottesloe area ....................................................17

Ngari Capes Marine Park ...................................17

**Mga tip para sa kaligtasan kapag nangingisda ng abalone .....................................18**

Pangangalaga sa huli .........................................18

Biosecurity .........................................................19

# Isda para sa hinaharap

Isang kilalang aktibidad sa paglilibang sa Western Australya ang pangingisda ng Abalone na may tinatayang 11,424 na lisensya sa panahong 2024/25.

Maaaring mabago bawat taon ang haba ng open season ng libangang pangingisda ng abalone sa Western Zone bawa’t taon upang masigurong napapamahalaan ang panlibangang panghuhuli sa isang napapanatiling pamamaraan.

I-scan ang QR code para sa up-to-date na mga patakaran sa abalone (makukuha sa maraming wika). **fish.wa.gov.au/abalone**

Chinese simplified
Chinese traditional

Vietnamese

Japanese

Tagalog (Filipino)

Korean



Roe’s abalone



Greenlip abalone



Brownlip abalone

# Mga panuntunan sa libangang pangingisda

## Mga lisensya

Kailangang mayroon kang kasalukuyang lisensya ng panglibangang pangingisda ng abalone at handang ipakita ito kung kinakailangan. Mag-apply para sa isang bagong lisensya o i-renew ang dati nang lisensya online sa aming website na **dpird.wa.gov.au/get-a-recreational-fishing-licence**

Bilang kahalili, ang mga porma ng aplikasyon ay makukuha mula sa mga opisina ng Kagawaran ng Pangunahing Industriya at Pagpapaunlad ng Rehiyon (DPIRD).

> **Tandaan:** Hindi mo kakailanganin ang isang Libangang Pangingisda na lisensya mula sa Lisensyahan ng Bangka (RFBL) kung mayroon kang lisensya sa panghuhuli ng abalone at iyan lamang ang tanging aktibidad na nagaganap sa bangka.

## Huwag mangisda para sa ibang tao

Pinahihintulutan lamang ang mga nangingisda bilang libangan na mangolekta ng abalone at sea urchin para sa kanilang mga sarili at hindi para sa ibang tao, kahit na magkakasama sila sa parehong grupo.

## Mga panahon at lokasyon

Maaari lamang mangisda o kumuha ng abalone ang mga nangingisda bilang libangan sa panahon ng open season sa Sona na pinagpapangisdaan nila.



**Western Zone (Zone 1)** Ang Western Zone ay umaabot mula sa Busselton Jetty hanggang Greenough River mouth. Pinagsasama nito ang lahat ng mga isla sa loob ng zone kabilang ang Rottnest, Carnac, Garden at Penguin Islands.

**Open season:** Ang mga sumusunod na Sabado mula Disyembre 2025 hanggang Pebrero 2026 (kasama lahat) ika-7 ng umaga– ika-8 ng umaga.

- Ika-13 ng Disyembre 2025
- Ika-10 ng Enero 2026
- Ika- 7 ng Pebrero 2026
- Ika- 21ng Pebrero 2026

**Mga pagbabago na makakaapekto sa panghuhuli ng isda sa Sona 1:** Kung ipinapakita ng in-season na pagsusubaybay na kinakailangan ang pagpoprotekta ng mga stock, mababawasan ang mga araw ng pangingisda. Kung sa pagmo-monitor ay nagpakita na maibibigay ang karagdagang pagkakataon batay sa sektor ng pagbabahagian sa panglibangang pangingisda, maaaring palawigin ang season.

Magbabago lamang ang mga araw ng pangingisda kung inaasahan ang masamang lagay ng panahon. Aaksyon ang DPIRD ayon sa payo ng Surf Life Saving Western Australya upang isara ang isang araw ng pangingisda para sa kaligtasan na mga dahilan. I-tsek ang mga pahina sa sosyal media ng DPIRD at mga text na mensahe kung may kaso ng pagsasara. Pinapaalalahanan ang mga mangingisda na maaaring mag-iba ang lokal na lagay ng panahon sa mga lokasyon ng pangingisda at dapat managot ang mga mangingisda para sa kanilang sariling kaligtasan. Hinding-hindi sa anumang pagkakataon na dapat pumalaot ang mga mangingisda maliban kung may tiwala sila sa kanilang kakayahang kayanin ang mga kondisyon ng dagat.

**Pagsisid:** Hindi maaaring gumamit ang mga nangingisda bilang libangan ng SCUBA o hookah gear (naka-compress na hangin na ibinibigay sa ibabaw) upang manguha ng abalone sa Sona ng Western Zone (Zone 1).

**Northern Zone (Zone 2) Sarado** ang Hilagang Sona na sumasakop mula sa Bunganga ng Greenough River hanggang sa hangganan ng Northern Territory ang pangingisda ng abalone hanggang walang pag-aabiso.


## Southern Zone (Zone 3)

Umaabot ang Southern Zone mula Busselton Jetty hanggang sa hangganan ng South Australia.

**Open season:** Bukas ang sona para makapangisda ng abalone sa pagitan ng Ika-1 ng Oktubre at ika-15 ng Mayo sa susunod na taon.


**Pagsasara:** Sarado ang lugar na mula Busselton Jetty hanggang Shoal Cape sa pangingisda ng greenlip abalone.

## Mga Sona ng panlibangang abalone sa Western Australia




## Western Zone (Zone 1)


### Greenough River mouth hanggang Busselton Jetty



## Southern Zone (Zone 3)

### Busselton Jetty hanggang sa hangganan ng South Australia



## Limitasyon ng bag (maximum)

Ito ang maksimum na dami ng abalone na pwedeng makuha ng lisensyadong mangingisda sa bawa't araw.

**Roe's abalone**




- 15 bawat mangingisda kada sesyon sa Western Zone (Zone 1)




- 20 bawat mangingisda kada araw sa Southern Zone (Zone 3)

**Greenlip/brownlip abalone** (pinagsama)




- 5 bawat mangingisda kada araw Sona 1 o Sona 3
- Lumalapat ang limitasyon na isang bag ng 5 brownlip (sa Sona 3) kung ipinagbabawal ang pagkuha ng greenlip abalone

Pinagbabawal ang pangingsda ng greenlip abalone mula sa Busselton Jetty hanggang Shoal Cape .

## Pagmamay-ari ng abalone

Hindi maaaring magmay-ari ang isang tao ng abalone sa gilid ng dagat ng marka ng mataas na tubig (ang tabing dagat) kung wala silang hawak na lisensya.

Kapag pumalaot ang isang bangka upang manguha ng abalone sa panahon ng season, kailangang maiahon ang abalone sa loob ng 12 oras.

Para sa **Sona 1,**ang lahat ng hinuling abalone ay dapat naidaong na pagsapit ng ika-8 ng gabi at ang mga Opisyal ng Pangisdaan ay maaaring magtanong sa iyo na magpakitang pruweba kung kailan at saan dinala ang abalone

## Limitasyon ng Pagmamay-ari

Ibig sabihin nito ay ang maximum na bilang ng abalone na pagmamay-ari mo, kahit na hindi mo kinuha ang mga ito mula sa dagat sa parehong araw. Lumalapat ang limitasyon ng pagmamay-ari ng 20 Roe abalone sa Sona 1 at limitasyon ng 20 Roe at 10 greenlip/brownlip abalone (pinagsama) kahit saan maliban sa iyong permanenteng lugar ng paninirahan.

80 Roe's abalone at 20 greenlip/brownlip abalone (pinagsama) ang maximum na bilang ng abalone na maaaring pagmamay-ari ng isang tao sa kanilang permanenteng lugar na paninirahan.

## Limitasyon ng bangka

Ang limitasyon sa bangka ay maksimum na dami na pinapayagan sa bangka (maliban kung nasa protektadong mga lugar).

- Walang lumalapat na limitasyon ng bangka sa Roe's abalone (sumangguni sa pahina 10) para sa limitasyon ng bag.
- Para sa greenlip/brownlip abalone limitado sa isang bangka ang 10 (pinagsama) na inilalapat sa bawat 2 o mahigit pa na lisensyadong mangingisda na nakasakay sa bangka (o sagad sa 5 nakasakay na pinagsamang mangingisda kung may 1 lamang ang lisensyadong mangingisda), maliban sa mga ipinagbabawal na lugar.

## Minimum na laki

**Roe's abalone**

- Legal na limitasyon sa minimum na laki – 60mm


**Greenlip/brownlip abalone**

- Legal na limitasyon sa minimum na laki – 140mm

Iligal ang pagkuha ng abalone na mas maliit kaysa sa limitasyon sa minimum na laki.

## Pagsusukat

Bago alisin ang abalone sa bahura, sukatin ang abalone sa pinakamalapad na bahagi ng lalagyang talukap (shell) gamit ang pangsukat ng abalone na nabibili sa mga tindahan ng panghuhuli ng isda. Ang pagsusukat na kagaya ng minarkahan sa pamihit-turnilyo (screw driver) ay mauuwi sa pagkakamali at mayroong parusang inilalapat.





Legal kang inaatasang sukatin ang bawat abalone habang kinokolekta mo ito. Huwag mong hintaying makadaong na bago mo pa susukatin at bibilangin ang iyong huli.

Kapag ang abalone ay nasa iyong bag na panghuli, kinukunsidera ito bilang huli mo (limitasyon sa bag).

Makapagkokontribusyon ka sa siyensya at tumulong sa pagtitiyak na may abalone para sa hinaharap sa pamamagitan ng pagtulong sa programa ng pananaliiksik ng fisheries at ipatimbang ang iyong nahuli sa mga piniling lugar ng pangisdaan.



## Pagkuha ng abalone mula sa bahura

Para alisin ang legal na laki ng abalone mula sa bahura, magpasok ng flat na patalim sa ilalim ng kanto ng abalone at iangat ito nang mabilis at malakas na pagsikwat. Bilanging mabuti ang huli mo; ang limitasyon ng bag (tingnan ang pahina 10) ay mahigpit na ipinapatupad upang protektahan ang pagpaparami ng mga stock, kaya huminto ka na sa pangingisda kapag naabot mo na ang iyong limitasyon. Ang patuloy na panghuhuli kung naabot mo na ang limitasyon ay mauuwi sa parusa. Ang itinapon na abalone ay kalimitang mamamatay na magpapahirap sa mga stock para sa hinaharap, ito ang dahilan kung bakit mahalagang sukatin ang iyong huli bago mo alisin sa bahura.



## Shucking

Ang pag-aalis ng mga abalone mula sa kanilang mga shell (shucking) habang nasa dagat sa loob ng 200 metro ng marka ng mataas na tubig ay hindi pinapayagan. Ang abalone ay dapat hayaang nasa kanilang mga shell para masukat ng kawani ng DPIRD ang laki ng mga ito.

Iuwi mo sa bahay ang iyong huli at doon mo i-shuck at linisin. Itapon ng may responsibilidad ang anumang pambasura.

## Pagbabawal (ban) sa pain

Ipinagbabawal ang paggamit ng karne ng abalone o anumang parte ng abalone bilang pain sa pangingisda at may lumalapat na mabigat na multa.

## Mga parusa sa ilegal na pangingisda

Mahalaga ang mga panuntunan sa pangingisda upang matiyak na nasa napapanatili na antas ang pangingisda alinsunod sa Regulasyon ng Pamamahala ng Mga Mapagkukunan ng Isda 1995. (Fish Resources Management Regulations 1995). Maaaring pumaloob ang lahat ng pangingisda sa pagbabantay ng mga Opisyal ng Fisheries at Marine. Ang pangingisda nang wala sa panahon, pagkuha ng maliit o ipinagbabawal na abalone, pangingisda sa saradong mga tubig o pagmamay-ari ng higit sa limitasyon ng iyong sesyon ay maaaring magbunga ng mga parusa na kasingtaas ng $10,000 at idagdag pa ang hanggang 10 beses na halaga sa dolyar ng species.

Hindi legal para sa mga panlibangang pangingisda na ibenta ang kanilang huli. Ang multa na kasingtaas ng $400,000 at idagdag pa hanggang sa 10 beses na halaga ng huli – o pagkakabilanggo – ang maaaring ilapat at matatanggalan ka ng lisensya.

Hindi ka dapat nasa dagat kung nakasuot o may dalang kasuotan para sa panghuhuli ng abalone maliban kung panahon ng panghuhuli ng abalone.

## Pagsusumbong ng bawal na panghuhuli

Para isumbong kung may nakita o ebidensya na nanghuhuli pati na ang pagbebenta ng mga panlibangang nahuling isda, tumawag sa FishWatch sa 1800 815 507 o magsalang ng sumbong sa online dito sa **crimestopperswa.com.au/organisation-report/fishwatch/**

Ang mga sumbong na ipinadala sa Crimestoppers ay hindi nasusubaybayan kapag labas na sa oras may opisina o sa mga araw ng sabado at linggo.

# Mga lugar ng konserbasyon ng dagat

## Marmion at Shoalwater Islands Marine Parks

Sumangguni sa pahina 7-9. Ang mga lisensyadong mangingisda ay pwedeng manghuli ng abalone sa panahon ng open season, maliban sa mga sanctuary zone at sa special purpose (siyentipikong reperensya) zone ng Murray Reef sa Warnbro Sound. Hindi ka puwedeng kumuha ng sea urchin o iba pang shellfish. Ang mga oras ng pangingisda ng open season ay ika-7.00 ng umaga– ika-8.00 ng umaga (tingnan ang pahina 5 para sa mga petsa ng season) (tingnan ang pahina 4 para sa mga petsa ng season). May inilalapat na mga limitasyon at laki ng bag.



Susong-dagat na may kalisag (Sea urchin)



Turban snail

## Watermans Reef Observation Area – Bawal ang pangingisda

Ang lugar na ito na pumapalibot sa lumang WA Marine Research Laboratories sa Watermans. Umaabot ito mula sa hilagang bahagi ng Elsie Steet hanggang sa timogang bahagi ng Malcolm Street at lumalagpas ng 300 metro patungo sa dagat ng marka ng mataas na tubig (sa baybay). Ang lahat ng mga may buhay sa bahura ay protektado sa lugar na ito sa lahat ng mga oras.

Hindi ka puwedeng kumuha ng anumang species kabilang ang abalone, anumang iba pang shellfish, sea urchin, alimango, rock lobster at pugita.

## Rottnest Island

Puwede kang manguha ng abalone sa panahon ng open season, maliban sa mga sanctuary zone. Hindi ka pwedeng manguha ng sea urchin o iba pang shellfish. May inilalapat na mga limitasyon sa laki ng bag.

## Cottesloe area

Hindi ka puwedeng manguha ng abalone, sea urchin o anumang iba pang shellfish sa Cottesloe na lugar na isinara mula pa noong 2002 dahil bumaba ang dami ng abalone. Itong pagsasara na ito ay umaaabot patungong timog ng pangunahing Cottesloe groyne papuntang Rous Head.

## Ngari Capes Marine Park

Ang marine park na ito, sa pagitan ng Busselton at Augusta, ay nagkabisa noong 10 Abril 2019. Hindi ka puwedeng kumuha ng abalone sa mga sanctuary zone.

# Mga tip para sa kaligtasan kapag nangingisda ng abalone

- Dalhin ang iyong huli sa isang maluwag na pagkakatahi na net bag; pahihintulutan nito na tumagos ang tubig at hindi makapagdaragdag ng bigat.
- Ikabit ang iyong pangsukat na gauge sa galanggalangan mo; huwag mo  isabit sa leeg ito.
- Pag-aralan ang alon bago ka pumalaot at bantayan ang pagbukol ng tubig (swell)habang nangingisda – madali kang masusugatan sa mga bahura.
- Magsuot ng pangprotektang sapin sa paa at isang wetsuit o magaan na pananamit na hindi bibigat kapag nabasa na.
- Kung hindi ka sigurado at sakaling masyadong mahirap ang mga kondisyon, at ikaw ay walang kumpiyansa na kakayanin ang mga galaw ng dagat, huwag ka nang tumuloy at kunsiderahing doon mangisda sa lugar na may nagpapatrulyang taga-Surf Life Saving Western Australia.
- Kapag nagkaroon ka talaga ng problema habang nasa dagat, subukan na manatiling kalmado at ikaway ang isang braso lampas sa ulo (isang internasyonal na signal ng problema) para humingi ng tulong.
- Kung pipiliin mong mangisda sa luagr na walang patrulya, mangyaring tandaan ang pinakamalapit na senyales ng BEN sa kasong pang-emerhensya.

## Pangangalaga sa huli


Panatilihing nasa maayos na kondisyon ang huli mo sa pamamagitan ng:



- tiyakin na ang abalone ay legal ang laki, sukatin ang bawa't abalone bago mo tanggalin sa bahura
- maingat na bilangin ang iyong huli dahil ang limitasyon sa sukat at laki ng bag ay mahigpit na ipinasusunod upang maproteksyunan ang pagpapalago ng mga stock.
- paglalagay ng abalone sa isang maluwag ang pagkakatahi na net bag, na nagpapahintulot na lumusot ang tubig dito.
- pag-iimbak ng abalone sa isang malamig, malilim na lugar kung magtatagal ka sa tabing dagat.


## Biosecurity

Upang mapanatiling ligtas sa peste at sakit ang tubig ng WA, linising mabuti at tuyuin ang lahat ng gear bago lumipat ng ibang lugar para mangisda.

Makakatulong ka ring maprotektahan ang aming mahalagang aquatic environment sa pamamagitan ng pag-uulat ng anumang peste sa tubig o sakit (kabilang ang mga fish kill) sa FishWatch sa 1800 815 507 o sa pamamagitan ng MyPestGuide® app.





WESTERN AUSTRALIA

# Ang huli na naghihintay buong taon...

**Maikli ang abalone season, maghanda at magplano nang maaga para maging sulit ito.**

**Para sa lokasyon, mga tip sa pangingisda at kaligtasan bisitahin ang mybeach.com.au/abalone**

## Recfishwest

Gusto mo ang pangingisda? Kami rin!

recfishwest

Bilang nangunguna sa panlibangang pangingisda (rec fishing), ang aming layunin ay tiyakin ang magandang karanasan sa pangingisda para sa lahat ng komunidad ng WA habambuhay.

Bisitahin ang aming website upang malaman ang tungkol sa magagandang inisyatiba sa pangingisda.

recfishwest.org.au

Iulat ang mga nakikitang pating sa Water Police sa

**9442 8600**

I-download ang SharkSmart WA app

SWITCH ON YOUR SEA SENSE

SHARKSMART.COM.AU

# Alamin ang mga panuntunan sa libangang pangingisda

**Madaling manatiling updated sa mga panuntunan sa libangang pangingisda ng Western Australia. Maging mga limitasyon man sa bag at sukat, seasonal na pagsasara o lisensya, madali mong makukuha ang mga panuntunan.**

Pumunta sa **dpird.wa.gov.au/ rec-fishing-guidesrules** para sa mga panuntunan na sumasakop sa higit 180 species ng isda. Gamitin ang interactive na mga mapa upang tuklasin ang impormasyon tungkol sa mga marine protected area at mga karaniwang species ayon sa rehiyon.

Nagbibigay ang libreng Recfishwest app ng access sa mga panuntunan kahit wala ka sa kayang-abot ng senyal (range) ng telepono at may aspeto na madaling pagkilala ng isda.

Download on the App Store

GET IT ON Google Play

Kumuha ng kopya o mag-download sa **dpird.wa.gov.au/ rec-fishing-guides**

## Mahalagang disclaimer

Ang Punong Tagapagpaganap ng Kagawaran ng Pangunahing Industriya at Pagpapaunlad ng Rehiyon at ang Estado ng Western Australia ay hindi tumatanggap ng anumang pananagutan dahil sa kapabayaan o kung hindi man ay nagmumula sa paggamit o paglalabas ng impormasyong ito o anumang bahagi nito.

Ang lathala na ito ay upang magbigay ng tulong o impormasyon. Isa lamang itong gabay at hindi pinapalitan ang *Batas sa Pamamahala ng Mga Yamang Isda 1994* o ang *Mga Regulasyon ng Pamamahala ng Fish Resources 1995*. Hindi ito maaaring gamitin na depensa sa korte. Ang impormasyong ibinigay ay kasalukuyan sa petsa ng pag-imprinta ngunit maaaring magbago. Para sa pinakabagong impormasyon sa pangingisda at mga buong detalye ng batas ay makipag-ugnayan sa iyong lokal na tanggapan ng DPIRD o bisitahin ang **dpird.wa.gov.au**

Copyright © Estado ng Western Australia (Kagawaran ng Pangunahing Industriya at Pagpapaunlad ng Rehiyon), 2025

# Makipag-ugnayan sa amin

---

1300 374 731 (1300 DPIRD1)

enquiries@dpird.wa.gov.au

Para sa pinakabagong listahan ng mga lokasyon ng opisina, bisitahin ang **dpird.wa.gov.au/fishing-license-offices**

PB022-25 NOV 2025 Illustrations © R.Swainston/animafish.com

**dpird.wa.gov.au**

FISHWATCH
REPORT
- Illegal fishing
- Pests and diseases
- Fish kills

1800-815-507
24 HOUR REPORTING

I-scan upang iulat ang iligal na pangingisda.

ABN: 18 951 343 745